

1. Tungkol sa Paghahanda sa Kalamidad

Ngayong taon ay nagkaroon na ng mga kalamidad sa Kyushu at iba pang mga lugar dulot ng matinding pag-uulan. At sa mga darating pang mga araw sa panahong ito ay inaasahang tataas pa ang tsansang magkakaroon pa ng bagyo at malalakas na pag-ulan na magiging sanhi ng pagbabaha.

Kung kaya mahalaga ang maging handa sa anumang oras kung paano maging ligtas na lumikas kapag may sakuna na darating malapit sa ating lugar.

Sa bansang hapon kapag may kalamidad ay ipinagbibigay alam ang paglikas sa pamamagitan ng alarma o alerto. At ito ay mayroong limang antas.

Kung ang alarma ay nasa ika-apat na antas, ibig sabihin nito ay kailangan ng lumikas na ang lahat dahil nasa panganib na ang sitwasyon.

Ang lungsod ay nagtalaga ng mga lugar na pwedeng paglikasan o evacuation centers. Ito ay ang mga paaralang elementarya at junior high-schools kasama na rin dito ang iba pang mga pampublikong gusali. Ang tawag sa mga ito ay “Hinan Jo”. Dito ay pwedeng lumikas at tumigil pansamantala. Sa lugar na ito ay maaring mabigyan ng makakain at mainom at makakatulog ng mahimbing kinagabihan. Ang mahahalagang impormasyon ukol sa nagyayaring kalamidad ay mahahalap din sa “Hinan Jo”.

Bukod sa “Hinan Jo” ay maari rin tayong lumikas at pansamantalang makituloy sa ating mga kamag-anak o kaibigan na nakatira sa ligtas na lugar.

Kung sa inaakala naman natin na ligtas na tayo sa ating mga tahanan ay huwag na nating pilitin pa na lumikas.

Sa ika-limang level ng alarma ay may nagaganap ng sakuna.

Kahit hindi pa dumarating sa ikatlo o ika-apat na level ang alarma at sa tingin natin ay nasa panganib na ang kalagayan ay kailangan ng lumikas.

Kung paano malalaman ang impormasyon tungkol sa panahon at kalamidad, ang Japan Meteorological Agency ay nagbibigay ng malawakang impormasyon dito sa pamamagitan ng telebisyon, radyo at internet. Bilang karagdagan, ang Japan Meteorological Agency ay namamahagi ng impormasyon sa real-time o kasalukuyang pagkakataon upang maka-iwas sa kalamidad sa pamamagitan ng iba’t ibang lengwahe tulad ng Ingles, Chinese, Espanyol, Vietnamese, Tagalog, Nepali, Singhalese, Thai, at iba pa.

Kunin lamang ang tamang impormasyon na makakatulong sa ating paglikas.

Bilang karagdagan din, nakasaad sa hazard map ng Tochigi City sa pamamagitan ng mga nakulayan na lugar ang kinaroroonan ng mataas na panganib kung magkakaroon ng pagbaha at pag-guho ng

lupa tuwing may kalakasan ang pagbuhos ng ulan. Ang hazard map ay ipinamamahagi ng munisipiyo at mga Community Halls o kominkan. Maari rin itong makita sa homepage ng lungsod.

Dapat alamin ang lugar ng ating tirahan kung kasama ito sa hazard map na nakulayan dahil ito ay nangangahulugang mapanganib. Sa panahon ng kalamidad

ay natural lamang na kinakailangan lumikas sa mga evacuation centers at lumayo pansamantala sa ating tirahan. Gayundin sa ating paglikas, dapat ihanda ang mga mahahalagang bagay na gamit natin sa mga pangkaraniwang oras gaya halimbawa ng radyo, iniinom na gamot kung meron man, pagkain na hindi na kailangan painitin, inuming tubig, flashlight, damit, tuwalya, diaphers, chargers, tsinelas at iba pa.

Upang maka-iwas sa pagkahawa ng sakit ay kinakailangan din meron tayong facemasks, alkohol para pagdis-empekta at thermometers.

Kaya sa oras ng kalamidad ay dapat alamin ang tamang pagkakataon ng paglikas at isipin na mahalaga ang kaligtasan ng buhay natin at tayo rin ang gagawa ng hakbang upang mabigyan proteksyon ang ating sarili.

----Ito ay naayon sa pakikipag-sanguni sa Japan Meteorological Agency.

2. Tungkol sa Isasagawang Census.

Sa tuwing 5 taon ay isinasasagawa ang National Census, at ngayong taon ay nakatak dang gawin ito.

Dito inaalam ang aktwal na bilang ng papulasyon ng bansa at mga sitwasyon ng mga households. Tinatanong dito ang mga bagay gaya ng pangalan, pinapasukan paaralan o trabaho, kung ilan ang miyembro ng isang tahanan, kung anong klaseng bahay ang tinitirahan o ang pagkakagawa nito at iba pang mga katanungan.

Ang pagsasagawa ng Census ay sa umpisa ng Oktubre. Ginagawa ito para sa lahat ng mga naninirahan sa Japan kabilang ang mga dayuhang residente.

Sa pagkakataong ito, upang makaiwas sa pagkakahawa ng sakit dulot ng bagong Corona Virus, ay minabuting ipamahagi ang mga questionnaires sa pamamaraang hindi na kailangang makipagkita ang mga kawani ng Census at ang tatanggap ng questionnaires.

Kapag dumating sa ating mga tahanan ang mga dokumentong mula sa Kagawaran ng Census ay pwede nating i-access ang kanilang site upang tugunan ang kanilang mga katanungan sa pagsunod sa instruksyon na nakalagay sa kanilang screen. Kung nahihirapan sa pagsagot sa internet ay pwede ring sagutan ang pinadalang questionnaires at kapag nakumpleto na ito ay isumite sa pagmamagitan ng koreo.

Ang iba't ibang resulta ng istatistika na nahalap sa pagsasagawa ng Census ay maituturing na pag-aari na ng estado. Ito ay gagamitin sa malawak na larangan tulad ng pananaliksik, mga aktibidad sa edukasyon at ekonomiya at marami pang iba.

Inaasahan ang kooperasyon at pakikipagtulungan ng lahat sa bagay na ito.

3. Tungkol sa Tulong Pinasyal para sa mga Child Rearing Households ngayong taon.

Dahil sa epekto ng bagong Corona Virus, ang lungsod ng Tochigi ay may natatanging programa para sa mga pamilyang kasalukuyang nagpapalaki ng kanilang mga anak. Ito ay ang pagkakaloob ng isang beses na tulong pinasyal.

Sa mga kwalipikado ay makakatanggap ng abiso na nakasaad sa postcard o hagaki sa huling bahagi ng Hulyo ngayong tao. Ang tawag dito ay “Kosodate Setai Plus Support Kyufukin” o Tochigi City Child Rearing Household Plus Support Benefit.

Walang partikular na gagawing application para dito. Ang mga kwalipikadong tatanggap ng benepisyong ito ay ang mga households na may anak na Junior HighSchools pababa at nakarehistro bilang residente ng lungsod sa talaan hanggang ika-30 ng Hunyo ngayong taon.

Ang halagang matatanggap ay sampung libong yen (10,000 yen) kada bata sa isang pamilyang kwalipikado at ito ay nakatakdang ipamahagi sa huling mga araw ng Agosto.

Kung sakaling may mga kahinahinalang mga tawag sa telepono o e-mails na matanggap tungkol sa benepisyong ito ay agad makipag-ugnayan kaagad sa malapit na kapulisan.